

Ang Pap Test

Ang Pap test (o pap smear) ay isang pagsusuri para mahanap kung may cervical cancer. Ang pagsusuri ay tinitingnan din ang mga maagang pagbabago sa mga selula ng cervix na maaaring mangailangan ng paggamot upang hindi kailanman magkaroon ng pagkakataon na mabuo ang cancer.

Sinusuri lamang ng Pap test ang cervical cancer. Hindi nito tinutuklas ang iba pang anyo ng gynecologic cancer.

Kailan ako dapat kumuha ng Pap Test?

Ang isang tao na may cervix ay dapat magkaroon ng kanilang unang Pap test sa edad na 21, at pagkatapos ay tuwing tatlo o limang taon.

Paano ito ginagawa?

Ilalagay ng clinician ang isang speculum sa loob ng vagina upang makita ang cervix. Pagkatapos ay dahan-dahang magkakayod ng mga selula mula sa bukasang cervix, inilagay sa isang collection jar at ipapadala sa lab para sa pagsusuri.

Pagkatapos ay ano?

Karamihan sa mga resulta ng Pap test ay magiging normal. Kung ang iyong Pap test ay abnormal, maaaring kailangan mong bumalik nang mas maaga para ulitin ang pagsusuri. Maaaring makatanggap ka ng tawag sa telepono, o sulat na hinihiling kang bumalik sa klinika sa susunod na taon. Kadalasan ang mga pagbabago sa mga selula ay nakabalik na sa normal sa panahon ng pag-ulit ng Pap test at hindi mo na kailangan ng anumang paggamot. Kung ang mga pagbabago ay mas seryoso at/o hindi na bumalik sa normal, maaaring kailanganin naming isangguni ka para sa higit pang pagsusuri.

Higit pang mga detalye sa Pap test

- Ang mga selula sa cervix ay dumadaan sa normal na mga pagbabago kasabay ng edad. Ang Pap test ay naghahanap ng mga abnormal na mga pagbabago sa selula, na kadalasan ay dahil sa human papillomavirus (HPV). Maraming uri ng HPV at iilan lamang ang nagiging sanhi ng mga pagbabago sa cervix. Karamihan sa mga tao na aktibo sa pakikipagtalik (sexually active) ay nalantad na sa HPV, ngunit iilan lamang sa mga tao na ito ang nagkakaroon ng abnormal na mga pagbabagong ito.
- Mayroong isang bakuna na rekomendado para sa mga nasa edad na 9-26 na epektibo sa pag-iwas sa mga wart at cervical cancer. Sa City Clinic, mayroon kami ng bakunang ito para sa mga tao na walang seguro hanggang sa edad na 26 at para sa ilang pasyente hanggang sa edad na 45 batay sa pag-uusap sa pagitan ng pasyente at clinician.
- Ang pelvic exam ay hindi kapareho ng isang Pap test, at ang mga Pap test ay hindi isinasagawa sa bawat pelvic exam.

Ang Pelvic Exam

Ang pelvic examination ay isang pagsusuri ng iyong vagina (sa loob at labas), at cervix (bukasan ng matris). Titingnan ng iyong clinician ang loob ng vagina gamit ang isang speculum (isang instrumento na nagbibigay-daan sa clinician na makita ang loob ng vagina). Kung nakatakda ka na para sa isang Pap test, maaaring gawin ng clinician ang pap sa oras na iyon (tingnan ang baligtad).

Kung nagkakaroon ka ng mga sintomas, ang ilang vaginal fluid (discharge) ay kokolektahin at titingnan sa mikroskopyo sa klinika para malaman kung may impeksyon (yeast, trichomonas, bacterial vaginosis). Ang pamamaraan na ito ay tinatawag na wet mount exam.

Kung kinakailangan, ang iyong clinician ay maaari ding magsagawa ng isang bi-manual exam pagkatapos ng speculum exam. Ilalagay ng clinician ang dalawang daliri sa loob ng vagina at ididiin ang kabilang kamay sa iyong tiyan para maramdaman ang matris at mga obaryo. Ang bahaging ito ng exam ay maaaring makatulong sa pagtaya ng pananakit, abnormal na pagdurugo, mga impeksyon at iba pang sintomas.

Mga Pagsusuri para sa mga STI

Ang iyong clinician ay maaaring magsagawa ng mga pagsusuri para sa mga STI. Ito ay mas kadalasang ginagawa mula sa isang swab ng vaginal wall, ngunit maaari ding gawin mula sa isang specimen ng ihi. Ang mga pagsusuri para sa herpes o syphilis ay maaaring gawin kung mayroong mga sugat (sore). Ang karagdagang pagsusuri para sa syphilis at HIV (kung kinakailangan) ay ginagawa gamit ang mga sample sa dugo, hindi mula sa mga specimen na nakolekta sa panahon ng pelvic exam.

Pap Test

Para sa higit pang impormasyon sa mga Pap test at kailan ka dapat magkaroon nito, mangyaring tingnan ang kabilang panig ng handout na ito. Ang pelvic exam ay hindi kapareho ng Pap test, at ang mga Pap test ay hindi isinasagawa sa bawat pelvic exam.

Paalala:

Mahalagang makipag-usap sa iyong clinician tungkol sa anong mga pagsusuri ang isinasagawa. Ang desisyon na magsagawa ng ilang pagsusuri ay batay sa iyong sekswal na kasaysayan at iyong mga kadahilanan sa panganib.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga STI, komunsulta sa mga website na ito:

Pangkalahatang STI

www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)

www.cdc.gov/std/

www.sfcityclinic.org

www.sfsi.org/

Teens

www.iwannaknow.org

www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)

www.scarleteen.com

Contraception at STI/sex info

Para sa STI check-up o paggamot, makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:



A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org



www.bedsider.org